# Solo parents may 20% discount sa mga restaurant sa QC

May 20 percent discount ang mga solo parents at kanilang mga anak na kakain sa mga restaurant sa Quezon City.

Ito ay alinsunod sa City ordinance 2766-2018 na layong magkaloob ng naturang diskuwento sa mga nabanggit bilang ayuda ng pamahalaang lokal sa mga gastusin sa araw araw.

Sa ilalim ng ordinansa, ang 20 percent discount sa mga solo parents at kanilang anak ay ipagkakaloob lamang sa kanila ng mga restaurant tuwing una at huling linggo ng bawat buwan.

Kailangan ding ang kanilang pagkain ay hindi lalampas sa halagang P2,000 para sa single o accumulated receipts sa establisimyento sa araw na yun.

Ang naturang ordinansa ay pagsusog sa Republic Act 8972, na kilala bilang Solo Parents Welfare Act of 2000 na nagsasaad na ang mga single parents na kabilang sa marginalized sector at walang maayos na pinagkukunan ng ikinabubuhay ay entitled na mabigyan ng discounts kung ang mga ito ay qualified na benepisyuhan ng batas.

Ang mga solo parents na mabebenepisyuhan ng batas ay kailangang "registered solo parent" o may maipakikitang valid solo parent ID na inisyu ng Quezon City Social Services Department. *(Angie dela Cruz)*